Washington State Department of Social & Health Services
Transforming lives

Disyembre 2023



# Mga Nakaplanong Serbisyo sa Magdamag na Pagpapahinga

## Pangkalahatang-ideya

Ang Nakaplanong Serbisyo sa Magdamag na Pagpapahinga (Overnight Planned Respite Services, OPRS) ay isang serbisyong nakabase sa komunidad para sa mga taong naka-enrol sa Developmental Disabilities Administration (Pamamahala sa Kapansanan sa Pag-usbong) na naninirahan kasama ang kanilang mga tagapag-alaga. Naghahandog ang serbisyo ng pahinga sa pangangalaga at nagbibigay ng mga aktibidad at suporta na nakaayon sa kliyente. Ang mga serbisyo ay binibigay sa setting ng komunidad (sa bahay o sa apartment) at ang mga trabahante ay kinontrata at sertipikadong mga provider.

Isang tao lamang ang pinagsisilbihan sa bawat pagkakataon ng setting sa pahinga, na gumagamit ng planong nakasentro sa tao at binubuo kasama ang pangunahing tagapag-alaga upang magkaroon ng schedule ng mga gawain na tutugon sa pangangailangan niya. Maaaring mag-access ang mga kliyente ng hanggang 14 na araw ng pahinga sa isang taon.

Matatagpuan sa buong estado ang Nakaplanong Serbisyo sa Magdamag na Pagpapahinga kasama ang Spokane, Bellingham, Lynnwood, Tacoma, Olympia at Vancouver. Pinamahalaan namin ang humigit-kumulang 276 na mga nakaplanong magdamag na pagpapahinga sa fiscal year ng 2023.

## Awtoridad

Chapter 388-823 WAC, Administrasyon ng Kapansanan sa Pag-usbong (Developmental Disabilities Administration) pagtanggap at pagpasya ng pagiging karapat-dapat

Kabanata 388-829R WAC, Mga nakaplanong serbisyo sa magdamg na pahinga

## Badyet

Pinondohan ng Lehislatura ang walong higaan para sa pagpapahinga sa komunidad sa taong 2015 sa pamamagitan ng ESSB 6052. Sa kasalukuyan ay mayroon kaming siyam na OPRS na mga lokasyon sa buong estado. Ang badyet ng 2023-2025 ay nagtutulot sa amin na kumuntrata ng hanggang 12 higaan.

## Pagiging Karapat-dapat

Mga indibidwal na:

- Ay karapat-dapat sa DDA na mga serbisyo
- Ay 18 taong gulang o mas matanda pa.
- Nakatira sa bahay kasama ang pangunahing tagapag-alaga at hindi kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo sa residential habilitation sa ilalim ng Core waiver, maliban na lamang kung:
  - Tumatanggap ng mga Serbisyo mula sa kasamang provider; o
  - Tumatanggap ng mga serbisyo mula sa Community First Choice.

Kailangan ring kilalanin ng mga kalahok ang pangalawang tagapag-alaga na maaaring tumugon sakaling may emergency kung hindi available ang pangunahing tagapag-alaga.

## Mga Kasosyo

- Mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo.
- Mga pamilya at mga pangunahing tagapag-alaga ng mga kalahok sa programa.
- Mga Adbokasiyang Organisasyon.
- Mga Sertipikadong provider ng Nakaplanong Serbisyo sa Magdamag na Pagpapahinga.

## Tagapangasiwa

- DDA Office of Quality, Compliance and Training (Opisina ng DDA sa Kalidad, Pagpapatupad at Pagsasanay).
- DDA Office of Provider Compliance and Transition Quality Assurance. (Opisina ng DDA sa Pagsiguro ng Kalidad sa Pagsunod at Transisyon ng Provider)
- DSHS's Adult Protective Services (Mga Serbisyo ng DSHS sa Pagprotekta sa mga Tao).
- Washington State Department of Health (Asosasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan ng Washington).

Makipag-ugnayan: Jaimee Scheffler, *Respite Coordinator* • arsc@dshs.wa.gov• 360-280-3362